Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 6

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Aurea M. Pendo |
| **Tagasuri ng Nilalaman/ Wika:** | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS SDO Pasay |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino, OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G.Tamayo, EPS Filipino - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS SDO Pasay<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Marvin D.J. Villafuerte, PDO II LRMS, SDO Pasay City |



(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## PANGKALAHATANG SANGGUNIAN

### ARALIN 7


### Inaasahan:

Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtipon ng mga datos na kailangan. (W 5-7/ F6EP-IVg-6)


## Unang Pagsubok

**PANUTO: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Isaayos ang mga letra upang makuha ang tamang sagot.**

1.Isang aklat na mababasa ang detalyadong impormasyon tungkol sa pinakamalawak na dagat sa mundo.





2. Sa aklat na ito mababasa o makukuha natin ang mga impormasyon tungkol sa pangyayaring naganap sa loob ng isang taon.




3. Isang makabagong teknolohiyang maaaring mapagkuhanan ng impormasyon gamit  ang tablet, ipod, kompyuter o selpon.





4. Ang sangguniang ito ay naglalaman ng balita tungkol sa mga kaganapan sa isang araw sa loob at labas ng bansa .




5. Sa aklat na ito malalaman natin ang wastong baybay, pantig, bigkas at iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa mga salitang hindi natin alam. Ang mga salita rito ay nakaayos mula letrang A hangang Z.



## Balik-Tanaw

**PANUTO:** **I-drowing ang**  **kung ang pahayag ay totoo at**  **kung ang pahayag ay walang katotohanan.**

_______________1. Ang telebisyon ay isa sa mga pinakamahalagang sanggunian para sa lahat; mag-aaral man o hindi.

_______________2. Sa kabila ng katotohanang marami na sa kasalukuyan ang mga makabagong teknolohiya kailangan pa rin ang mga sangguniang katulad ng Atlas at Almanak.

_______________3. Ang paggamit ng internet ay para lamang sa mag-aaral na mayaman o maykaya.

_______________4. Ang Tesawro at Diksyunaryo ay kapwa nagbibigay ng kahulugan sa salitang gusto nating malaman.

_______________5. And Ensiklopedya ay isang aklat na naglalahad ng mas malawak at detalyadong impormasyon tungkol sa paksang tinatalakay o pinag-aralan.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Pangkalahatang Sanggunian** - ay ang mga bagay na maaari nating mapagkukuhanan ng impormasyon. Kadalasan ang mga ito ay mga libro katulad lamang ng mga diksyonaryo at almanac. Sila ay tinatawag na pangkalahatang sanggunian dahil malawak ang sakop nitong impormasyon.

**Halimbawa: Pangkalahatang Sanggunian**

**1.Ensiklopedya** – isang uri ng aklat na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Ang mga paksa ay nakaayos nang paalpabeto. Makikita rin dito ang mga artikulo tungkol sa mga kaganapan tungkol sa isang bagay, tao, pook o pangyayari.

**2. Atlas** –aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansiya at lokasyon ng mga lugar. Ito ay nakaayos ayon sa pagkakahating pampulitika, rehiyon o estado.
Ipinakikita rito ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa ibat ibang lugar.

**3. Almanak –** isang uri ng aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasypn tungkol sa mga punto ng mga pangyayari sa isang bansa, palakasan, relihiyon, pulitika at iba pa.
Nagsasaad ng pinakabagong impormasyon at pangyayari sa loob ng isang taon.

**4. Diksiyonaryo** – isang uri ng aklat na matatagpuan ang mga kahulugan ng mga salita, pagbaybay, pagpapantig, bahagi ng pananalita at ito ay nakaayos nang paalpabeto.

**5.Tesawro** – makikita rito ang talaan o listahan ng kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita.

**6.Pahayagan –** ito ay naglalaman ng balita tungkol sa mga kaganapan sa lipunan sa loob at labas ng bansa sa isang araw.

**7.Internet**- makabagong teknolohiyang maaaring pagkuhanan ng impormasyon sa tulong ng kompyuter, tablet, ipod o piling telepono.

**8.Mapa**- isang malapad na anyo o larawan ng mundo, Nagpapakita ng larawan ng isang lugar o lalawigan sa isang bansa o mga bansa.

**9.Globo**- isang bilog na anyo, o replika ng mundo at makikita rin dito ang iba't ibang mapa ng bansa.

**10**. **Magasin**- makalumang babasahin na may makukulay na pahina na naglalarawan ng iba't ibang paksa.


**11.Telebisyon**- sistemang pang telekomunikasyon na naghahatid ng balita, edukasyon at kasiyahan sa mga manonood.

# Gawain


**Gawain 1: Magtapatan Tayo**!

**Panuto: Tukuyin ang sangguniang dapat gamitin batay sa ipinahahayag sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa kahon.**


☐ 1.Koleksyon ng taunang pangyayari tungkol sa edukasyon, pulitika,kalakalan at iba pa.

A. 



☐ 2.Sa aklat na ito makikita ang kasingkahulugan at kasalungat ng salitang "komunikasyon".

**B.** 


☐ 3.Mahalagang pangyayari o balita sa lalawigan na naganap sa isang araw

**C.** 


☐ 4.Mga impormasyong gusto mong alamin tungkol sa lawak ng lupang nasasakupan ng Pilipinas.

**D.** 


☐ 5 Wastong baybay, pantig at bahagi ng pananlita ng salitang "website" na katumbas sa wikang Filipino

**E.** 

## Tandaan

**Pangkalahatang Sanggunian**

**1.Ensiklopedya** – isang uri ng aklat na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa.
**2. Atlas** –isang uri ng aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansya at lokasyon ng mga lugar
**3. Almanak –** aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasypn tungkol sa sa mga punto ng kawilihan, mga pangyayari sa isang bansa, palakasan, relihiyon, pulitika at iba pa.
4.**Diksiyonaryo** – isang uri ng aklat na matatagpuan ang mga kahulugan ng mga salita, pagbaybay, pagpapantig, bahagi ng pananalita at ito ay nakaayos nang paalpabeto.
5.**Tesawro** – makikita rito ang talaan o listahan ng kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita.
**6.Pahayagan –** ito ay naglalaman ng balita tungkol sa mga kaganapan sa lipunan sa loob at labas ng bansa sa isang araw.
**7.Internet**- makabagong teknolohiyang maaaring pagkuhanan ng impormasyon sa tulong ng kompyuter, tablet, ipod o piling telepono.
8.**Mapa** - isang malapad na anyo o larawan ng mundo, Nagpapakita ng larawan ng isang lugar o lalawigan sa isang bansa o mga bansa.
**9.Globo** - isang bilog na anyo o replika ng mundo at makikita rin dito ang iba't ibang mapa ng bansa.
**10.Magasin**- makalumang babasahin na may makukulay na pahina na naglalarawan ng iba't ibang paksa.
**11.Telebisyon**- sistemang pangtelekomunikasyon na naghahatid ng balita, edukasyon at kasiyahan sa mga manonood.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Gawain 2: Subukin Ko! Talino Mo!**

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag at isulat ang letra ng pinakatamang sagot.**

____________1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng katotohanan tungkol sa Atlas?

A. Ito ay sanggunian tungkol sa huling balita.
B. Ito ay makabagong teknolohiya sa kasalukuyan.
C. Ito ay talaan ng mga kahulugan at kasalungat ng salita
D. Ito ay naglalahad ng impormasyon tungkol sa anyong tubig at lupa

------------------- 2. Alin sa mga sumusunod na impormasyon ang parehong naglalahad tungkol sa Ensiklopedya at Diksiyonaryo?

A. Mas malaki ang Ensiklopedya kaysa Diksyonaryo.
B. Mas mainam gamitin ang Ensiklopedya kaysa Diksiyonaryo.
C. Nakaayos ang Ensiklopedya at Diksiyonaryo ayon sa gustong ayos ng lumikha nito.
D. Nakaayos ang Ensiklopedya at Diksyonaryo nang ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng alpabeto.

_____________3. Ang internet ay isang pinakabago at epektibong sanggunian sa kasalukuyan sapagkat anoman ang katanungang gusto mo ng kasagutan dito mo ito matatagpuan. Sino ba ang may karapatang gumamit ng Internet?

A. Para lamang sa matatalino ang internet.
B. Para lamang sa mga bihasa sa kompyuter.
C. Para lamang sa lahat ng nag-aaral.
D. Para sa lahat ng nangangailangan.

--------------------4. Anong makatotohanang pahayag ang nagsasabi tungkol sa sangguniang Almanak?

A. Ang Almanak ay nagtataglay ng mga impormasyon sa mga kaganapan.sa araw-araw.
B. Ang Amanak ay nagtataglay ng mga impormasyon sa mga kaganapan sa isang taon.
C. Ang Almanak ay nagtataglay ng mga impormasyon sa mga kaganapan tuwing ikalawang taon.
D. Ang Almanak ay nagtataglay ng mga impormsyon sa mga kaganapan sa bawat oras.

--------------------5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsaaad tungkol sa sangguniang Tesawro?

A. Dito makikita ang kasaysayan ng salita.
B. Dito makikita ang kahalagahan ng salita
C. Dito makikita ang katumbas na salita sa wikang ingles.
D. Dito makikita ang kasingkahulugan o kasalungat ng salita.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto: Unawaing mabuti ang ipinahahayag sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang angkop na sagot upang mabuo ang ideya.**

1. Ang ____________________ ay sangguniang naglalahad ng mga impormasyon tungkol sa eksaktong lokasyon ng Karagatang Pasipiko.

   A. Atlas
   B. Diksiyonaryo
   C. Ensiklopedya
   D. Telebisyon

2. Isang sanggunian ang ____________________ na makatutulong sa pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemya.

   A. Globo
   B. Mapa
   C.Telebisyon
   D. Tesawro

3. Sinasabing ang __________________ ay isang replika ng mundo at matatagpuan dito ang iba't ibang lokasyon ng mga lugar sa daigdig.

   A. Almanak
   B. Ensiklopedya
   C.Globo
   D. Pahayagan

4. May tanong ka sa iyong isipan na hindi mo kaagad mabigyan ng kasagutan. Ang sangguniang ito ang pinakamadaling makapagbibigay ng sagot na madalas na ginagamit sa ngayon ng marami. Ito ay ang ________________.

   A. Diksiyonaryo
   B. Internet
   C. Magasin
   D. Telebisyon

5. Mahilig kang magsaliksik ng iba't ibang impormasyon. Dahil dito gusto mong alamin ang tunay na pinagmulan o mga detalye tungkol sa walang katapu-sang virus na *Covid19*, kaya ang gagamitin mo ay __________________ para maging malinaw sa iyo ang lahat.

   A.Almanak
   B.Internet
   C. Pahayagan
   D.Telebisyon

   A. A at C
   B. A at D
   C. A at B
   D. B at C

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

**Sanggunian**

1.https://www.google.com/search
2.https://www.slideshare.net/irenepaz1/pangkalahatang-sanggunian
3.https://www.google.com/search?q=larawan+ng+a
4 https:// www.google.com/searchq=halimbawa+ng+ibat+ibang+uri+ng+sanggunian
5.https://www.google.com/search?q=pangkalahatang+sanggunian

## Susi sa Pagwawasto

### Unang Pagsubok

1.Ensayklopidya
2.Almanak
3.Internet
4.Pahayagan
5.Diksyunaryo

### Balik-Tanaw

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

### Gawain 1: Magtapatan Tayo!

1. B
2. E
3. A
4. D
5. C

### Gawai 2: Subukin Ko Talino Mo!

1. D
2. D
3. D
4. B
5. D

### Pangwakas na Pagsusulit

1. A
2. C
3. C
5. C